

Mapa ng Daan ng
California upang
Baguhin ang
Kautusan na
Manatili-sa-
Tahanan: Suporta
sa mga
Pamilyang
Nagtratabaho

Hunyo 5, 2020 (Tagalog)

covid19.ca.gov



KABUUAN

Ngayon inalis na ang mga kautusan na manatili-sa-tahanan para sa karagdagang mga industriya na pabutihin ang pag-usad ng ekonomiya ng California, ang pangangailangan sa pangangalaga sa bata at ibang suporta para sa nagtrabahong mga pamilya ay dumarami.

Ang mga sumusunod na impormasyon ay makakatulong sa iyo sa paghanap ng pangangalaga sa bata, paghanap ng tulong upang bayaran ang pangangalaga sa bata, iba pang mga karagdagang mga suporta para sa iyong pamilya.



Pagkakaroon ng Pangangalaga sa Bata

- Maraming mga sentro ng pangangalaga sa bata at pampamilyang mga tahanan sa pangangalaga sa bata ang nananatiling bukas. Pumunta sa <https://covid19.ca.gov/childcare/> upang makita ang isang interaktibong mapa ng mga lisensiyadong mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata malapit sa iyo. Lahat ng mga programa ay nangangailangn na magsagawa ng karagdagang pag-iingat sa kalusugan at kaligtasan at mga hakbang sa pag-iwas.
- Makipag-ugnay sa iyong [lokal na pinagkukunan ng pangangalaga sa bata at ahensiya ng pagsangguni](#) o **1- 800-KIDS-793** para sa karagdagang kaalaman sa pangangalaga sa bata at subsidies kung kinakailangn mo ng tulong sa pangangalaga sa bata.
- Dagdag sa portal ng estado at mga opsyon sa pagpopondo ng estado, ang mga pinagtrabahuan at mga unyon ng mga manggagawa o labor union ay may mga pinagkukunan, kasama ang [Carina Care](#) upang tumulong sa mga pangangailangan sa pangangalaga sa bata.



Uri ng Pangangalaga sa Bata

- **Lisensiyadong Tahanan** at mga Sentro ng Pampamilyang Pangangalaga sa Bata
 - [Ang Departamento ng Serbisyong Panlipunan ng California , Programang Paglisensiya sa Pangangalaga sa Bata](#) ay sumusuporta sa mga lisensiyadong mga pasilidad, mga tahanan ng pampamilyang pangangalaga sa bata, at sinisuguradong nakamit ang itinatag na mga pamantayan sa kalusugan at kaligtasan sa pagsubaybay ng mga pasilidad, pagbigay ng tulong teknikal, at pagtatag ng mga kasanib.
 - [Ang California Department of Education \(CDE\), Dibisyon ng Pangangalaga at Maagang Pag-aaral o Early Learning](#) ay direktang nakikipag-ugnayan sa mga organisasyon na magbigay ng subsidized na mga programa sa pangangalaga sa bata. Ang CDE ay nag-isyu ng gabay at naghahandog ng tulong teknikal upang siguraduhin ang mga gabay sa kalusugan at kaligtasan ay nasususnod upang mapanatiling ligtas ang mga bata, mga pamilya, at tauhan sa panahon ng kasalukuyang emerhensiya.

- Pangangalaga sa Pamilya, Kaibigan at Kapit-bahayan o Family, Friend, and Neighbor Care (FFN)
 - Ang mga indibidwal na nagbibigay ng pangangalaga sa kanilang sariling anak, at mga bata mula sa ibang **isang** pamilya. Ang ganitong uri ng pangangalaga sa bata ay hindi kinakailangan ng lisensiya at legally exempt mula sa tagapaglisensiya. Karagdagang impormasyon sa pangangalaga sa FFN ay makikita [dito](#).
 - Ang TrustLine ay isang makapangyarihang pinagkukunan kung nais mong maghanap ng tagapag-alaga o tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata nang walang lisensiya. Lahat ng mga tagapagkaloob ng pangangalaga sa bata ay nakalista sa TrustLine na nakapagsumite ng kanilang bakas ng daliri o fingerprints sa Departamento ng Hustisya ng California Department at walang diskwalipikadong kriminal na kumbiksyon sa California.

Upang itsek kung ang isang tagapagkaloob ay nakarehistro sa TrustLine tumawag sa **1-800-822-8490** o bumisita sa <http://trustline.org/>



Mga Pamilyang Tumatanggap ng Subsidies ng Estado

Lahat ng mga pamilya na nakarehistro bago ang programang Emergency Voucher ay may opsyon na bumalik sa pangangalaga. Lahat ng pampamilyang nakarehistro sa kasalukuyan ay may opsyon na manatili sa pangangalaga, o bumalik sa pangangalaga, bago pa man makapagrehistro ang bagong mahalagang pamilyang nagtratarbaho. Walang deadline para sa kasaluyang nakarehistro na mga bata na bumalik sa pangangalaga.



Mga Suporta para sa mga Pamilya na may Mataas na Panganib na Miymebro ng Pamilya

Ang mga bata na may miyembro ng pamilya na nasa tahanan na may mataas na panganib para sa malubhang COVID-19, kasama ang mga indibidwal na nasa 65 na taon pataas at mga nakumpremisong immune systems at ilang kasalukuyang kondisyon sa kalusugan, ay hinihikayat na manatili sa tahanan. Maaaring isaalang-alang ang pangangalaga-sa-tahanan, ang pangangalaga sa FFN. *Pakitignan din ang karagdagang suporta para sa mga pamilya na nakalista sa ibaba sa mga pinagkukunan na maaaring magbigay ng relebong pinansiyal.*



Mga Suporta para sa mga Pamilya na may Kapansanan

- Ikaw ay maaaring karapat-dapat para sa subsidy ng pangangalaga sa bata kung ang iyong anak ay may kapansanan o espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at kanilang individualized education programs (IEP) at/o individual family support plans (IFSP) kasama ang serbisyong maagang pag-aaral. Makipag-ugnay sa iyong lokal na pinagkukunan at ahensiya ng pagsangguni o tumawag sa **1-800-KIDS-793** upang malaman kung paano makakonekta sa Emerhensiyang Pangangalaga sa bata. [Makikita ang kontak na impomasyon para sa lokal na pinagkukunan at mga ahensiya ng pagsangguni dito:](https://www.cde.ca.gov/sp/cd/re/ragencylist.asp) <https://www.cde.ca.gov/sp/cd/re/ragencylist.asp>
- Ang serbisyo ng maagang interbensyon para sa mga sanggol at mga bata na may kapansanan at sa kanilang mga pamilya ay ibinibigay sa paraang may koordinasyon, sistema ng serbisyo na nakasentro sa pamilya na makikita sa buong estado. Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa: <https://www.dds.ca.gov/services/early-start/what-is-early-start/>
- Ang California ay nagbibigay ng espesyal na disenyo na alituntunin, at walang gastusin sa mga magulang, upang matugunan ang kakaibang pangangailangan ng mga bata na may kapansanan. Pumunta: <https://www.cde.ca.gov/sp/se/qa/pssummary.asp>



Karagdagang mga Suporta sa mga Pamilya

- Mga Pinagkukunan ng California Coronavirus (COVID-19): <https://covid19.ca.gov/>
- Kung ikaw ay pinansyal na naapeketuhan ng COVID-19, ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa : insurance sa kawalan ng trabaho, Nabayarang family leave, Insurance sa Kapansanan , Relebo mula sa mga pinansiyal na institusyon, moratorium ng ebiksyon sa buong estado, [relebo sa pagpapautang sa mga estudyante.](https://covid19.ca.gov/get-financial-help/) <https://covid19.ca.gov/get-financial-help/>
- Kung ikaw ay nagtrabaho, ang iyong pinagtrabahuan ay maaaring magbigay ng suporta sa pangangalaga sa bata para sa iyo at ang iyong pamilya. Sumangguni sa iyong pinagtrabahuan tungkol sa flexible spending accounts, o plano sa tulong sa pangangalaga sa mga dependente upang mabayaran ang pangangalaga sa bata na may pre-tax dollars.
- karagdagang mga programa na ikaw, at ang iyong pamilya, ay maaaring maging kwalipikado: <https://www.cdss.ca.gov/>

